# Kabanata 22:
# ANG BAGONG ISKA

MATAPOS ANG TATLONG araw, nagising na rin si Iska. Ramdam niya ang pananakit ng katawan sa pagod. Pagkamulat pa lang ng mga mata, parang gusto niya pang mahiga na lang uli. Ramdam niya pa rin ang sakit ng balikat, at braso. Mabigat ang kaniyang mga binti at hindi niya pa agad kayang maglakad. Pero ibang-iba ito sa panaginip niya.

"Teka? Bakit parang pinatay n'yo naman ako?" Nabigla si Iska dahil nakahiga siya sa isang mataas na papag na may puting tela. Sa paligid niya, may mga bulaklak. Nasa tapat siya ng puno ng tipolo. Nasa dulo ng mga paa niya si Kiko na mahimbing ang tulog.

Bumangon si Iska at nagising naman si Kiko. "Kiko! Anong nangyari?" tanong ni Iska.

Biglang naalimpungatan si Kiko. Maga ang maliliit na mata nito. Tipong nagluksa.

"*Bestie!* Sabi ko na nga ba, buhay ka!" Tumakbo ito at lumakad diretso sa balikat ni Iska. "Pinakaba mo naman kami!"

Napansin ni Iska na isa-isa ring nagdaratingan ang mga mahal niya sa buhay. Si Lola Da, si Mommy Jo, si Tiya Oyang, at si Tita Ela.

"Bakit parang pinagluksaan n'yo na ako?" Nasa likod silang lahat ng bahay.

Niyakap siya agad ni Mommy Jo. "Alam kong hindi ka basta-basta mawawala." Sumunod na yumakap sina Tiya Oyang at Tita Ela. Hindi rin mawawala ang Lola Da.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 163 11/20/2024 8:07:39 AM

"Iska! 'Buti na lang at nagising ka!" sigaw ni Tiya Oyang. Niyugyog nito ang dalaga. "Sigurado akong si Iska ka nga!" Kinurot nito si Iska sa pisngi. Umiwas naman si Kiko dahil baka makurot din siya nito.

Lumapit naman si Tita Ela at niyakap din si Iska. "Akala ko hindi ka na magigising. Iska, ang tapang mo talaga! Apir!" Ramdam ni Iska ang pagkasabik nito.

Naiilang siya kasi ano ba ang problema? Ang alam niya lang naman, nakatulog siya nang mahimbing at napanaginipan niya si Bathala. *Shocks.* Akala niya nga rin pala ay namatay na siya.

"Nagpakita ang Bathala sa akin!" biglang sabi niya.

Nagtinginan ang tatlo. Natuwa dahil alam na ni Iska ang mga pagbabago sa kaniyang paligid. Sa isip-isip ni Mommy Jo, mabuti na lang talaga at nagpakita si Bathala kay Iska. Mas mabuting sa kaniya na rin manggaling ang lahat ng bagay na kailangang malaman ni Iska—ang pinakabata nilang kapatid.

Nagdiwang ang Pamilya Dipasupil. Sa wakas, buhay si Iska. Kung hindi ito nagising, mas nakakatakot pa ang maaaring mangyari sa Hiwaga.

Hindi nagtagal, dumating din sina Jane at Kenneth. Dala ni Jane ang kaniyang bag na puno ng iba't ibang halaman. Ikatlong araw na sana ng pagpapagaling niya kay Iska. Hindi na pala niya kakailanganin ng mga halamang ito dahil sa wakas, nagising na si Iska sa pagkakahimlay.

"Bes! *You're back*!" bungad nito nang makita ang kaibigan. "Pinakaba mo talaga kami. Wala kang pulso. Hindi rin tumitibok ang puso mo. Akala namin, wala ka na talaga." Naiyak si Jane. Pinunasan niya agad ang luha gamit ang panyo. Ramdam niya ang mga pinagdaanan ni Iska na pagod at hirap. Mabuti na lang at nakakatulong sa katawan ni Iska ang kaniyang mga halamang gamot. Mabuti na lang din at hindi siya tumigil sa pagtulong. Mabuti na lang talaga.

Hinawakan ni Jane ang mga palad ng kaibigan. Napakainit pa rin nito. "Iska, ingatan mo 'tong mga kamay mo. Magtitira ka palagi para sa sarili." Tinutukoy ni Jane ang labis na pagsagad ni Iska sa lakas para lang matalo ang Bakunawa. Alam ni Jane na sinagad ni Iska ang lakas niya at ang paggamit nito ng hiwaga ng araw dahil sa mga paso nito sa mga palad.

"Salamat, Jane," sagot ni Iska. "Salamat kasi iningatan mo rin sina Lola Da at ang pamilya ko. Hindi ko na talaga alam kung paano makakabawi."

"Ano ka ba, bes! Wala 'yong ginawa ko sa mga pinagdaanan mo! Napatunayan mo talagang anak ka ni Bathala!" Nahampas ni Jane ang balikat ni Iska.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 164 11/20/2024 8:07:39 AM

"Aray!" sigaw ni Iska. "Jane!!!" sabi pa nito na tila nagpapaalala na dahan-dahan lang sa paghampas. Hindi pa nakakabawi si Iska. Hindi pa siya nakakapagpahinga nang buo.

Nakita naman ni Iska si Kenneth. "Kenneth..." Hindi niya alam ang gustong sabihin. Mabuti na lang talaga at sinamahan siya ng kaibigan. Paano kung hindi? Siguradong naging ulam na siya ng Bakunawa.

"*You're welcome*," tipid na sagot nito. "Alam kong magpapasalamat ka, kaya ngayon pa lang, sasabihin ko nang walang anuman."

Hinampas ni Jane si Kenneth. "Ikaw, napakasama ng ugali mo kay bes!"

"Masama pa ba ko? Ako nga nag-uwi sa kaniya rito!" sagot ni Kenneth.

"'Pag ikaw talaga nagsasalita, laging may yabang!" pambabara sa kaniya ni Jane. "Ikaw dapat ang magpasalamat kay Iska. Kung hindi dahil sa kaniya, wala na sanang buwan!"

Nagbibiruan lang naman ang dalawa kaya natawa ang mga mas nakatatanda sa paligid.

"Pero *thank you* talaga, Kenneth," sabi ni Iska. "Syempre una, nag-training tayo. 'Tapos, sumama ka pa sa laban kahit alam mong mahirap," sabi ni Iska. "Basta, *thank you*!"

Binawi agad ni Iska ang tingin. Sumingit na si Mommy Jo nang matapos ang munting *meet and greet* ni Iska sa mga kaibigan. Nakahinga nang malalim si Mommy Jo nang magising si Iska. Sa wakas, buhay pa rin ang pinakabunsong kapatid na itinuring niya na ring anak.

KINABUKASAN, masayang kumakain ng hapunan sina Iska at ang kaniyang pamilya. Rinig ang tawanan at ang tunog na likha ng kutsara't tinidor. Nagtatawanan din ang pamilya sa mga kuwento ni Kiko na kung saan, parang siya ang bida sa pagharap ni Iska sa Bakunawa. Masayang nagtatawanan ang lahat. Mayamaya, may narinig silang katok mula sa maliit na *gate* na gawa sa bakal.

Tumayo si Tiya Oyang at pumunta sa *gate* para tingnan kung sino ang tao sa labas.

Bumungad kay Tiya Oyang si Joshua. Kilalang-kilala ni Tiya Oyang ang mukha ni Joshua. Ito ang naging *wallpaper* ni Iska ng ilang linggo. Nag-iba na nga lang ngayon ang *wallpaper* sa *cellphone* nito. Ngumiti ang binata. Nakasumbrero ito ng itim. Nakasuot itong ng *varsity shirt* ng *school* nila. Pamilyar ito kay Tiya Oyang dahil maraming estudyante ang mayroon ng damit na ito. Naka-shorts ang binata. *Above the knee*



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 165 11/20/2024 8:07:39 AM

ha. Kaya naman, masasabi talaga niya na napaka-fashionista ng binatang ito.

"Anong ginagawa mo rito?" Hawak ni Tiya Oyang ang hawakan ng *gate*. May pagdududa pa rin siya kung papapasukin niya ang binata o hindi.

"Gusto ko po sanang kumustahin si Iska. Balita ko po kasi sa *classmates* namin, nagkasakit raw siya." Nakangiti ang binata na buong-buo ang loob. Na lahat ng bagay gagawin niya para makausap ang dalaga.

"Akala ko ba, wala na kayo," diretsong sabi ni Tiya Oyang. Siyempre, bilang pamilya, mas nasaktan siya sa unang *heartbreak* ni Iska. Ramdam niya ito. Pero siyempre, hindi siya puwedeng gumawa ng kahit anong masama.

"Gusto ko po sanang humingi rin ng tawad," sabi pa ni Joshua.

Namangha si Tiya Oyang sa tapang ng binata para magpunta sa bahay nila. May *choice* naman siya na mang-ghost pero nandito siya at humaharap, hindi lang kay Iska, kundi sa buong pamilya nila.

"Sige. Sandali lang at tatawagin ko si Iska," paalam ni Tiya Oyang. Hindi pa rin niya pinapapasok si Joshua. Si Iska na ang magdedesisyon kung papapasukin niya pa ito sa bahay nila o hindi na.

Nang tinawag ni Tiya Oyang, si Iska naman ang pumunta sa *gate*. Nakita niya roon si Joshua. Bumilis ang tibok ng puso ni Iska. Napalunok din siya. Pinagpawisang bigla ang noo niya at nag-init ang kaniyang mga pisngi.

Samantala, si Kiko naman ay nakatuntong sa balikat ni Iska at tawang-tawa sa reaksiyon ng dalaga. Hindi pa talaga nakaka-move on ang dalaga kay Joshua kahit natalo na ni Iska ang Bakunawa.

"A-Anong ginagawa mo rito?" tanong ni Iska. "Akala ko ba ayaw mo na?" Napahigpit ang hawak ni Iska sa *handle* ng *gate*. Gusto niyang matunaw ngayon sa sobrang awkward ng sitwasyon. Mas madali pang humarap sa mga sigbin kaysa sa binata sa harap niya.

"Balita ko, nagkasakit ka raw at ilang araw na 'di gumising. Nag-alala ako."

Mas bumilis ang tibok ng puso ni Iska. "So?" tanong nito. Ayaw niyang ipahalatang kinakabahan siya o nahihiya. Mas matapang na siya ngayon.

"So? Gusto kong malaman kung magaling ka na. Okay ka na ba?"

"Lagi naman akong okay," malamig na sagot ni Iska. "Ano pa'ng gusto mo?"

"Sorry, Iska," pabulong na sabi ng binata. Hahawakan na ni Joshua ang mga kamay ni Iska nang biglang dumating si Kenneth.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 166 11/20/2024 8:07:39 AM

"*Excuse me*," malalim ang boses ni Kenneth. Inunahan niyang hawakan ang kamay ni Iska, bago pa ito makuha ni Joshua. "Iska, magaling na ba sugat mo?"

Pumagitna si Kenneth sa pag-uusap ng dalawa. Napaatras naman si Joshua. Nagtago sa likod ni Kenneth si Iska. Walang nagawa ang dalaga nang magsalita si Kenneth sa harap ni Joshua. Nakaloka na si Iska. Pero, nagpapasalamat siya kasi dumating si Kenneth. Hindi siya *awkward*. Sa wakas.

"Francesa," tawag ni Joshua.

"Wow, *first name basis*," singit ni Kenneth.

"P're, hindi ikaw ang kausap ko."

Tumingin si Kenneth kay Iska. Nagtatanong kung kakausapin pa ba ni Iska si Joshua. Ramdam ni Kiko ang tensiyon. Kahit *audience* lang naman siya. Gusto niya biglang kumain ng *popcorn*.

"Sige na, Kenneth, mag-uusap muna kami," sabi ni Iska.

Nagkibit-balikat na lang si Kenneth at dumiretso papasok sa bahay nina Iska. Sa isip niya, hahanapin na lang niya sina Lola Da upang mangamusta sa kalagayan ng naibalik na kampana. Naiinis siyang may kumakausap kay Iska na ibang lalaki. Ayaw niya man aminin, pero naiinis siyang talaga.

Nang makaalis si Kenneth, nagpatuloy si Joshua bagama't hindi siya pinapasok ni Iska sa loob ng bahay. "Iska, *sorry* kung nasaktan ko ang *feelings* mo. *Sorry* kung nadamay ka sa *truth or dare* ng *basketball team*. *Sorry that I was so mean to you*."

Nang masabi ito ni Joshua, nagsalita naman si Iska. "Alam mo, Joshua, hindi naman na ako galit o malungkot. Pero hindi pa agad kita mapapatawad. Hindi ko pa kaya dahil hindi naman gano'n kadali ang lahat, 'di ba."

Tumango si Joshua bago nagsalita. "Naiintindihan ko. Ang sama nga naman kasi ng ginawa ko. Pero sakaling handa ka na, sana bumalik 'yong dating *friendship* natin. Gaya ng dati." Pagkasabi nito, inabot ni Joshua ang *headphones* na regalo ni Iska. "Sige, *bye for now*, Francesca. Sana 'pag napatawad mo na ako, bigyan mo uli ako ng *chance* na maging *friend* mo."



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 167 11/20/2024 8:07:39 AM